

1 Climate change ay kayang-kaya

2 Madalas natin madinig ang salitang *climate change*. Kadalasan pa nga ang
3 *climate change* ay naikakabit sa usaping katapusan ng mundo. Pero, ano nga
4 ba ang kahulugan nito at ang epekto nito sa ating palayan?

5 Ang *climate change* ay ang abnormal na pagbabago ng klima. Ito ay
6 maaaring pagtaas ng temperatura at tuluy-tuloy at malakas na pag-ulan sa
7 isang lugar. Ang abnormal na pag-init o *global warming* ng karaniwang
8 temperatura sa mundo ay sanhi ng *climate change*.

9 Sa bawat 1°C na pagtaas ng pang-araw-araw na temperatura, maaaring
10 bumaba ng lima hanggang pitong porsyento ng ani ng palay. Ayon sa
11 pinakabagong pag-aaral ng Asian Development Bank, maaaring mabawasan
12 ng 75% ang potensyal na ani kung ang pag-init ng temperatura ay umabot ng
13 4°C.

14 Ang pagbaba ng ani ay malaking dagok sa suplay ng bigas na siyang
15 nakaaapekto sa pagkain at ekonomiya ng bansa. Inaasahan sa taong 2050 ay
16 aabot sa dalawang bilyong katao ang dadagdag sa populasyon sa buong
17 mundo.

18 Kaya naman, sa pagbabago ng klima, mainam na malaman ng ating mga
19 magsasaka kung paano pakikibagayan ang pagbabago ng klima at ang mga
20 epekto nito.

21 Ayon sa mga eksperto ng PhilRice, ang pagpili ng angkop na barayti ang
22 pangunahing depensa sa *climate change*. Ang mga barayting ito ay
23 kailangang maani at matibay sa *climate change*.

24 Ilan sa mga barayti na matibay sa tuyot ay PSB Rc14, Rc68, Rc9,192, Rc222,
25 Rc272 o Sahod Ulan 2, Rc274 o Sahod Ulan 3, Rc278 o Sahod Ulan 5, Rc284 o
26 Sahod Ulan 8, Rc286 o Sahod Ulan 9, Rc 288 o Sahod Ulan 10, Rc 356 o Sahod
27 Ulan 11, at Rc348 o Sahod Ulan 12.

28 Ang mga barayting ito ay maaaring sabog-tanim o kung ang pag-ulan ay
29 mahuhuli ang pagdating.

30 Samantala, ang NSIC Rc182 o Salinas 1, Rc184 o Salinas 2, Rc186 o Salinas 3,
31 Rc188 o Salinas 4, Rc190 o Salinas 5, Rc290 o Salinas 6, Rc292 o Salinas 7,
32 Rc294 o Salinas 8, Rc296 o Salinas 9, Rc336 o Salinas 16, at Rc390 o Salinas
33 19 ay matibay sa maalat na lupa.



PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION

34 Para naman sa mga lugar na lumulubog, matibay ang NSIC Rc194 o
35 Submarino 1. Kaya ng barayting ito na nakalubog nang hindi hihigit sa 14 na
36 araw sa panahon ng pagsusuwi sa palayang may patubig man o sahod-ulan,
37 angkop sa lipat-tanim sa panahon ng tag-ulan.

38
39 Sa normal na kondisyon, kayang umani ng Submarino 1 hanggang 3.5
40 tonelada kada hektarya. Kung inabutan naman ng paglubog na kondisyon, ang
41 ani ay kayang umabot lamang hanggang 2.5 tonelada kada hektarya. Ang mga
42 butil nito ay mahaba at katamtaman naman ang lambot kung naluto. Babala
43 nga lang ng mga eksperto ng PhilRice na hindi inererekomenda ang
44 pagtatanim ng Rc 194 sa mga palayang tinamaan ng blast at tungro.

45
46 Mainam din ang mga barayting PSB Rc18 o Ala at PSB Rc68 o Sacobia sa mga
47 lugar na lumulubog.

48
49 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice Text
50 Center 0920 911 1398.

51

Clean, Green, Practical, and Smart Rice Farming Systems for Competitiveness, Sustainability, and Resilience (Clean GPS for CSR)



PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | Email: prri.mail@philrice.gov.ph
| Trunkline: (044) 456-0277 | Telefax: (044) 456-0112, 0648 | PhilRice Text Center: +63 920-911-1398 | Website: www.philrice.gov.ph
| www.pinoyrkb.com | Liaison Office: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | Tel: (02) 920-5129 | Mobile: 0920-906-9052

